## Part 5: Ang Tungkol Sa Lipunan

### 5.2 PAG-IBIG

Sa tuwing mangangaral ang Panginoong Jesus, labis na namamangha ang mga nakikinig sa Kanya. Subalit may mga Hudyong marurunong sa relihiyon ang madalas nakikipagdebate at ayaw patalo. Minsan isang abogado ang nagtanong kay Jesus upang subukan Siya, Ano ang pinakamahalagang utos sa batas ng Diyos? Ang sagot ni Cristo ay, *Mahalin mo ang Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, buong isipan at buong lakas.* (Matthew 22:36-39; Luke 10:27).

Ang ating pag-ibig sa Panginoong Diyos o ang ating pagwawalang bahala sa Kanya ay mababakas sa ating pagsunod o pagsuway sa Kanyang mga kautusan at tagubilin. Ito ang sabi ng Panginoong Jesus, *Kung mahal mo Ako, sundin mo Ako (John 14:15)*

**TIME OUT**

1. Sa tuwing nangangaral ang Panginoong Jesus, ano ang nagiging reaction ng mga nakikinig sa Kanya?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ayon kay Cristo, ano ang pinakamahalagang utos sa batas ng Diyos?

   ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang pagmamahal sa akin ng Diyos ay: |
| | Lalago ang aking pag-ibig sa Panginoon sa pamamagitan ng: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.




1 Juan 4:7-21 **Ang Pag-ibig ng Diyos at ang Ating Pag-ibig**

Ang sabi ni Apostol Juan, mag-ibigan tayo sa isa't isa sapagkat ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang sa bawat isang umiibig, ang kanilang kapanganakan ay mula sa Diyos at nakakilala sa Diyos.

Dagdag pa niya na kung sino man ang hindi umiibig ay hindi nakakilala sa Diyos dahil ang Diyos ay pag-ibig. Sa ganitong paraan nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin nang sinugo ng Diyos ang Kaniyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo ay mabuhay sa pamamagitan Niya. Ganito ang pag-ibig, hindi sapagkat inibig natin ang Diyos kundi dahil Siya ang umibig sa atin at sinugo ang Kaniyang Anak bilang kasiya-siyang handog para sa ating mga kasalanan. Mga minamahal, yamang iniibig tayo ng Diyos, dapat din naman tayong mag-ibigan sa isa't isa. Walang sinumang nakakita sa Diyos kahit kailan. Kapag tayo ay nag-iibigan sa isa't isa, ang Diyos ay nananatili sa atin at ang Kaniyang pag-ibig ay nagiging ganap sa atin.

Sa ganitong paraan ay nalalaman natin na tayo ay nananatili sa Kaniya at Siya sa atin sapagkat ibinigay Niya sa atin ang Kaniyang Espiritu. Nakita namin at pinatunayang sinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang sinumang kumikilalang si Jesus ay Anak ng Diyos, nananatili ang Diyos sa kaniya at siya ay nananatili sa Diyos. Alam natin ang pag-ibig ng Diyos sa atin at sinampalatayanan natin ito. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos at ang Diyos ay nananatili sa kaniya.

Sa ganitong paraan, naging ganap sa atin ang pag-ibig upang tayo ay magkaroon ng katiyakan sa araw ng paghuhukom. Ito ay sapagkat kung ano nga Siya ay gayundin tayo sa sanlibutang ito. Walang takot sa pag-ibig. Ang ganap na pag-ibig ay nagtataboy ng takot sapagkat ang takot ay kaparusahan. Ang natatakot ay hindi pa nagiging ganap sa pag-ibig.

Iniibig natin Siya sapagkat Siya ang unang umibig sa atin. Kung sinasabi ng isang tao: Iniibig ko ang Diyos, ngunit napopoot naman sa kaniyang kapatid, siya ay sinungaling. Ito ay sapagkat kung hindi niya iniibig ang kaniyang kapatid na kaniyang nakikita, paano niya maibig ang Diyos na hindi niya nakikita? Ito ang utos na ibinigay niya sa atin: Ang sinumang umiibig sa Diyos ay dapat din namang umibig sa kaniyang kapatid.

- Bakit kailangan nating mag-ibigan?

  ______________________________________________

- Bakit sinabing ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos?

- Paano naihayag ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin?
- Kung iniibig mo ang Diyos, ano ang dapat mong gawin?
- Ano ang tawag sa taong nagsasabing iniibig niya ang Diyos ngunit napopoot naman siya sa kanyang kapatid? ____________________

**PAG-USAPAN:**

Sinasabi sa 1 Samuel 15:22 na ang pagsunod ay mas mabuti kaysa paghahandog. Kaya, hindi masusukat ang pagmamahal sa Diyos sa laki ng binibigay sa simbahan; at hindi rin sa lakas ng pakiramdam. Ang pag-ibig sa Diyos ay nabibigyang kahulugan lamang sa pakikinig at pagsunod sa Kanyang Salita.

*Ang tanong ay ito: Kung nakakabit sa pagsunod sa kalooban ng Diyos ang pag-ibig sa Kanya, ano ang paraan upang lumago ang ating pag-ibig sa Panginoon?*



Isa lamang ang paraan kung paano lalalim ang ating pagmamahal kay Cristo – iyan ay sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya ng lubusan. Ang mas malalim na pagkilala sa Kanya ang magpapalago sa ating pag-ibig sa Kanya. At, isa lamang ang paraan ng pagkilala sa Kanya – iyan naman ay ang pag-aaral ng Kanyang salita.

Sinasabi naman sa 1 John 4:19 na mahal natin ang Diyos sapagkat minahal Niya muna tayo. Ibig sabihin, ang ating pagmamahal sa Diyos ay reaction natin sa Kanyang pagmamahal. Kaya kung nais nating lumago ang ating pagmamahal sa Diyos alamin natin kung gaano tayo kamahal ng Diyos.

Ang gospel at mga liham ni Apostle John ang tunay na nakakapag-paliwanag ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Dapat na pagbubulay-bulayan natin ang dalawang passages na ito:

Una, ang John 3:16 na nagsasabing, Gayon na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa atin na ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak upang ang sinumang magtiwala sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Ikalawa, sinasabi ni Cristo sa John 10 na ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa at binibigyan Niya ang mga ito ng buhay na walang hanggan.

Dalawang bagay ang ating dapat pagbubulay-bulayan tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa atin. Walang pinagkait sa atin ang Kanyang pagmamahal at namatay si Cristo para sa atin nang tayo ay makasalanan pa.

Dahil sa hindi na makatiis ang lola ni Joshua sa perwisyong idinudulot nito sa ibang tao, napagpasyahan niyang sabihan ang mga magulang nito na kahit isa sa kanila ay umuwi na sa Pilipinas dahil kailangan ng kanilang anak ang atensyon ng isang magulang. Pumayag naman ang mommy ni Joshua na si Mira. Pagdating sa Pinas nasaksihan ni Mira ang ugali ng kanyang anak. Pabalik-balik rin siya sa school guidance couselor dahil sa kalokohan nito. Halos araw-araw niya ng pinapagalitan ang kanyang anak ngunit ito ay hindi pa rin nakikinig sa kanya. Isang araw, nagkaroon ng programa ang eskwelahan nila Joshua at isa siya sa inatasan na magpunta sa isang depressed area para sa feeding program na pinamumunuan ng isang religious organization. Napansin ni Pastor Edwin na si Joshua ay hindi interesado sa kanyang ginagawa at aware ang Pastor sa ugaling mayroon si Joshua. Kinausap niya ito at inanyayahang mag-undergo ng counseling. Ngunit tumanggi si Joshua. Pagkauwi niya sa kanilang tahanan nadatnan niya ang kanyang ina at lola na umiiyak at nag-uusap tungkol sa kanya. Nakaramdam ng bigat sa dibdib si Joshua at hindi niya ito maintindihan. Tila ba biglang may bumagabag sa kanya.

Sa iyong palagay, magbabago kaya si Joshua dahil sa nasaksihan niya ang paghihirap at bigat ng damdamin na nararanasan ng kanyang ina at ng kanyang lola?

________________________________________

________________________________________

_____________________________________



Dahil sa pagmamahal ng ina ni Joshua, sinakripisyo niya ang kanyang trabaho para lamang sa kapakanan ng kanyang anak at kahit anong hirap pa ang kanyang daranasin, ito ay kanyang kakayanin mapabuti lamang ang kanyang anak.

Katulad din tayo, kung mahal natin ang Diyos kahit anumang hirap ang ating daranasin magpapatuloy pa rin tayo sa pagsunod sa Kanya dahil habang lumalago ang ating pagmamahal sa Diyos, lalakas naman ang ating pagnanasa na sundin ang Kanyang kalooban. Tulad ng ating napag-alaman na sa mga nakalipas nating aralin, ang kalooban ng Diyos para sa atin ay nakapaloob sa tinatawag na Great Commission na nakatala sa Matthew 28:19-20, na nag-uutos sa Kanyang mga alagad na hanapin ang mga nawawala Niyang tupa, ibahagi sa kanila ang mabuting balita ng kaligtasan at turuan silang sundin ang lahat ng Kanyang pinag-uutos.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Joshua, at nakita mo ang iyong nanay na umiiyak ng dahil sa iyo, ano ang iyong mararamdaman?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mo ipapakita ang pagmamahal mo sa Diyos sa ibang tao?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang iyong magiging hadlang sa iyong pag-ibig sa Diyos?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Paano mo masasabi na iniibig mo ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas? Maging specific ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang pagmamahal sa akin ng Diyos ay: |
| | Lalago ang aking pag-ibig sa Panginoon sa pamamagitan ng: |

**Verse of the Day:**

Nalalaman nating tayo'y iniibig ng Diyos at lubos tayong nananalig sa katotohanang ito. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili naman sa kanya. ***1 John 4:16***